# WATERWAYS OF THE WEST

## COMMUNITY VISION



VICTORIA State Government

Environment, Land, Water and Planning


*Treatment Plant sa Werribee*

# Pagkilala

Buong pagmamalaking kinikilala ng Pamahalaan ng Victoria ang mga Taong Bunurong, Wadawurrung at Wurundjeri Woi wurrung bilang mga tradisyonal na tagapag-alaga ng Waterways of the West na rehiyon. Iginagalang namin ang kanilang mga Ninuno at Nakatatanda, nakalipas at kasalukuyan.

Kinikilala namin ang mga Katutubong tao bilang mga unang tao ng Australia at bilang mga Tradisyonal na Nagmamay-ari at tagapag-alaga ng lupa at tubig kung saan tayo umaasa. Kinikilala at iginagalang namin ang tunay at nagpapatuloy na ugnayan ng mga Tradisyonal na Nagmamay-ari sa Inang Bayan at pinahahalagahan ang kanilang ambag sa pamamahala ng lupa, tubig, natural at itinayong mga tanawin.

Sinusuportahan namin ang pangangailangan para sa tunay at walang hanggang pakikipagtulungan sa mga Taong Bunurong, Wadawurrung at Wurundjeri Woi wurrung upang maintindihan ang kanilang kultura at mga ugnayan sa Inang Bayan sa paraang aming pinaplano, inuugnay at pinamamahalaan ang rehiyon ng Waterways of the West.

Niyayakap namin ang ispiritu ng pagkakasundo, nagsisikap patungo sa kalayaang magpasya, pagkakapantay-pantay ng mga resulta at isang pantay na boses para sa mga Unang Tao ng Australia.

# NILALAMAN

2
PANIMULA

4
PANGKALAHATANG PANANAW

8
ANG PANANAW PARA SA MGA LUNGSOD, LABAS NG LUNGSOD AT BAYAN

10
ANG PANANAW PARA SA MGA LUPAING PANG-AGRIKULTURA AT KANAYUNAN

12
ANG PANANAW PARA SA MGA LUGAR NG KALIKASAN AT KAGUBATAN

16
PAGBUO SA WATERWAYS OF THE WEST PANANAW NG KOMUNIDAD

Ang Community Assembly
Pananaw ng Paaralan
Pakikilahok na Magkakaiba ang Kultura at Wika (CALD)



*Werribee River*

# PANIMULA

Ang malusog at yumayabong na mga daanan ng tubig at ang mga lupain nito ay nasa pusod ng identidad ng Melbourne bilang isang masigla at natitirahang lungsod. Sinasaklaw ng rehiyon ng Waterways of the West ang mga tanawin ng iba't ibang likas na kagandahan na sumusuporta sa masaganang mga halaman at mga hayop, malaking lugar ng paglago sa lungsod at ilan sa pinakaproduktibong rehiyon ng pagpaparami ng pagkain sa Victoria. Ang mga daanan ng tubig na ito at mga tanawin ay may espesyal na kahalagahan para sa mga Taong Bunurong, Wadawurrung at Wurundjeri Woi wurrung na mga Tradisyonal na Nagmamay-ari, sinasaklaw ang mga pagpapahalagang pangkultura, ispirituwal, panlipunan, pangkabuhayan at pangkapaligiran.

Habang dumarami ang populasyon at nagiging mas tuyo ang klima, humaharap sa maraming puwersa ang mga daang-tubig na ito at ang kanilang mga nakapalibot na lupa, kabilang ang tumaas na pangangailangan para sa de-kalidad na bukas na espasyong daanan. Ang pagbabago ng klima ay binabawasan ang mga pagdaloy ng sapa at pagkakaroon ng tubig para sa importanteng tinutubigang agrikultura sa kanluran habang mas maraming tubig ang kailangan para sa pagpapanatiling luntian ng mga parke at hardin. Ang bukas na espasyo at pasilidad ng mga daang-tubig na ito, ang kanilang mga lupa at ang baybayin ay pinalalakas ang kasiglahan ng rehiyon at ang pagiging natitirahan ng mga lokal na kapitbahayan. Nag-aalok ang mga ito ng isang lugar upang makipag-ugnayan ang mga tao sa kalikasan at sa bawat isa.


Noong Agosto 2018, itinalaga ng Pamahalaan ng Victoria ang isang Ministerial Advisory Committee (MAC, Ministeryal na Lupong Tagapayo) upang gumawa ng mga rekomendasyon sa pamahalaan tungkol sa kung paano pinakamahusay na mapapangalagaan at pagbubutihin ang kalusugan, pasilidad, pag-access at kahalagahan sa komunidad ng mga daang-tubig sa kanluran ng Melbourne. Kabilang sa Waterways of the West ang mga Ilog ng Werribee at Maribyrnong at Lawa ng Moonee, Kororoit at Skeleton Creeks, kanilang mga sanga ng ilog, at ang iba pang sapa, latian at wawa ng rehiyon.

Bilang bahagi ng kanilang gawain, pinangasiwaan ng MAC ang paghahanda ng isang Pananaw ng Komunidad ng Waterways of the West. Nagsama-sama ang mga tao mula sa

kanluran upang gumawa ng isang Pananaw ng Komunidad para sa Waterways of the West at kanilang mga lupain para sa susunod na 50 taon. Kinakatawan nito ang kanilang mga nais at inaasahan para sa proteksyon ng mga daang-tubig. Upang buuin ang pananaw, tinipon ang isang Pagtitipon ng Komunidad ng 45 residente na kumakatawan sa masiglang komunidad ng rehiyon. Bilang bahagi ng proseso, nakinig sila sa isa't isa, mga eksperto sa kalusugan ng daang-tubig, mga kinatawan ng mga komunidad na magkakaiba ang kultura at wika at mga estudyante ng paaralan. Nakinig sila mula sa mga Tradisyonal na Nagmamay-ari na Wadawurrung at Wurundjeri Woi wurrung at sumali sa ilang seremonyang pangkultura, nagkaroon ng isang pagkaunawa ng kanilang natatanging ispirituwal at pangkulturang kaugnayan sa Inang Bayan.

Ang Pananaw ng Komunidad 2070 ng Waterways of the West ay ang una, mahalaga, at pangmatagalang pananaw para dito sa kumplikado, nauugnay, at buhay na sistema ng mga daanan ng tubig at parke. Ang nilalaman na mga Pananaw sa dokumentong ito ay nilalayon upang gabayan ang mga gumagawa ng patakaran, mga tagapamahala ng daang-tubig at lupain at komunidad habang naglalakad tayong kasama ang Tradisyonal na mga Tagapag-alaga ng Waterways of the West at ang kanilang mga lupain sa susunod na 50 taon.

Pinasasalamatan ang Community Assembly ng Waterways of the West sa pagbabahagi ng kanilang mga boses at naisin, sa kanilang kasipagan at pangako na pagbutihin ang kalusugan, pamamahala at kinabukasan ng Waterways of the West.



*Maribyrnong, Avondale Heights*


# PANGKALAHATANG PANANAW

Ang aming pananaw ay para sa malusog, magkakaiba at napapanatiling mga daanan ng tubig sa buong kanluran. Bilang isang magkakaibang komunidad, pinangangalagaan namin ang magkakadugtong na mga ilog, sapa at tanawin.

Magalang na kinikilala at niyayakap ang mga pinahahalagahang pang-kultura ng mga Taong Bunurong, Wadawurrung at Wurundjeri Woi wurrung, magkakasabay kaming maglalakad upang pangalagaan ang Inang-bayan. Ang mga Taong Bunurong, Wadawurrung at Wurundjeri Woi wurrung ay nangangalaga sa Inang Bayan sa maraming iba't ibang paraan at para sa lahat ng bagay na may buhay. Sama-samang nagtatrabaho, pinoprotektahan at ipinagdiriwang ng mga tao sa kanluran ang mga natatangi at magkakadugtong na mga daanan ng tubig.

Ang mga ilog ng Maribyrnong (Mirrangbamurn) at Werribee (Wirribi Yaluk), at ang mga nakapalibot na sapa at mga sanga ng ilog, ay malinis na dumadaloy. Napupuno ang mga ito ng masaganang bagay na may buhay. Ang kanilang mga pampang ay puno ng mga katutubong halaman at hayop.

Singlinaw ng kristal na nasa magubat na mga burol, ang tubig ay dumadaloy sa may bulkang madamong kapatagan sa ilalim ng malawak na langit. Nanunuot ito at pinapanatili ang mga latian (wetlands), naglalakbay sa mga bukid, sa pagitan ng mga bahay-bahay at patungo sa kinikilala sa buong mundo na mga maaasing lati (salt marshes), at nagtatapos ang paglalakbay nito sa Port Phillip Bay.






Sa mga baybayin ng tubig na ito makikita natin ang mga ibon – tulad ng mga Reed Warbler at Rainbow Bee-eater – na namumugad sa mga pampang ng sapa, mga nangibang-pook na ibon mula sa kasing layo ng Alaska at Siberia na humihinto at nagpapahinga sa mga maaasing lati. Ang mga inakay na Tawny frogmouth ay namamataan ng mga dumaraan at ang hangin ay napupuno ng koro ng mga Growling grass frog at Pobblebonks.

Iginagalang namin at pinahahalagahan kung ano ang handog sa amin ng mga tubigan: ang pagkain na pinalalago namin sa kanilang tulong; at ang mga lugar na nangangalaga sa aming kapakanan, na may kagandahang tinatamasa namin. Ito ang lugar kung saan kami nagkikita-kita at nagtitipon, nagmumuni-muni, tumatakbo, naglalakad at naglalaro.

WoW - ito ang damdaming pinupukaw ng Waterways of the West (mga Daanan ng Tubig sa Kanluran).




*Ilustrasyon ni Simon Kneebone*



*Deep Creek, Bulla*

# ANG PANANAW PARA SA MGA LUNGSOD, LABAS NG LUNGSOD AT BAYAN

Mula Sunshine hanggang sa Spotswood, Melton hanggang Werribee South, Macedon hanggang Footscray, nag-uugnay-ugnay at dumadaloy ang mga komunidad sa pamamagitan ng ating mga daluyan ng tubig.






Sa Footscray Park, Point Cook Coastal Park, Birmingham Reserve at marami pang ibang parke sa mga baybayin ng daanan ng tubig, makikita natin ang mga pamilya mula sa iba't ibang kultura na nagtitipon at nagdiriwang. Ang mga komunidad ay nag-uugnay-ugnay na kaisa ng likas na kapaligiran, mga nagjo-jogging, nagbibisikleta papunta at pabalik mula sa trabaho. Naririnig natin ang mga tao na tumatawa kasama ang mga tunog ng mga batang nagtatampisaw sa tubig, mga palaka na kumokokak, kumakantang mga ibon at ang ugong ng buhay sa lungsod.

Sa baybayin ng mga daanan ng tubig sa ating mga lungsod at bayan, tulad ng Lawa ng Moonee (Moonee Moonee) Creek, nadadaanan ng mga nagbibisikleta ang protektadong mga likas na lugar na may katutubong halaman at mga hayop. Ang pagpapaunlad ng lungsod ay dinisenyo upang maprotektahan at mapabuti ang kalusugan ng sapa. Ipinagmamalaki ng mga komunidad ang kanilang kontribusyon sa pagpapanumbalik at pagyabong ng mga tanawin na nagpapabuti sa kapakanan ng mga tao at kalikasan.

Gumagala kami sa mga nakatagong likas na kublihan, lugar ng mga halaman, isang lugar upang matakasan ang lungsod at sa daanan, ipinaaalala sa amin ang mga yugto ng kasaysayan at iba't ibang mga aral sa mga daanan ng tubig.

# ANG PANANAW PARA SA MGA LUPAING PANG-AGRIKULTURA AT KANAYUNAN

Sa mga lugar na pang-agrikultura, ang patuloy na pagsasaka ay bahagi ng isang yumayabong na ekosistema ng malusog na daanan ng tubig. Kung saan ang mga kaalaman at gawi sa kultura ng mga Taong Bunurong, Wurundjeri Woi wurrung at Wadawurrung ay naging bahagi na ng pang-araw-araw na likas-kayang pagsasaka. Kung saan ang tubig ay maingat na pinamamahalaan, ginagamit at muling ginagamit sa halip na kumuha mula sa mga ilog at daanan ng tubig.

Ang mga daanan ng tubig sa mga lugar na ito sa kanayunan, ay puno at dumadaloy, tinutustusan ang mahahalagang ugnayan sa pagitan ng mga ekosistema ng lungsod at likas at magubat na mga kapaligiran. Ang yumayabong na berdeng mga daanan ay kapwa nabubuhay at nag-uugnay sa mga komunidad sa kalapit na maunlad at napapanatiling lupang pang-agrikultura.






Napakalawak ng rehiyon sa labas ng hangganan ng paglago ng lungsod mula sa Macedon hanggang sa Ballan, hanggang sa Werribee River habang dumadaloy ito sa mga distrito ng irigasyon ng Bacchus Marsh at Werribee, at Deep Creek sa gawing itaas ng catchment ng Maribyrnong. Ang mga daanan ng tubig nito ay patuloy na nag-iiba-iba ng kulay at hugis, sa mga damuhan at nasa mabatong kagandahan ng mga lugar tulad ng Werribee Gorge.

Ang pakikipagtulungan ang batayan kung paano namin nagagawa ang mga bagay-bagay. Ang mga magsasaka, mga komunidad at lahat ng antas ng pamahalaan ay nagtitipon kasama ng mga Tradisyonal na Nagmamay-ari – ang mga Taong Bunurong, Wadawurrung at Wurundjeri Woi wurrung, upang maprotektahan at mapahusay ang aming mahahalagang pinagkukunan ng pagkain at sa gayon ay makikinabang tayong lahat sa masustansya at de-kalidad na pagkain. Ito ay isang lugar na likas-kaya ng ekonomiya at ekolohiya.

# ANG PANANAW PARA SA MGA LUGAR NG KALIKASAN AT KAGUBATAN




Mula sa mga latian hanggang sa Macedon Ranges, ang protektadong waterways of the west ay may likas na mga pinagmumulan ng tubig at ang mga ito ay malinis at malusog – sumusuporta sa sagana, natatanging mga halaman at hayop mula sa pinagkukunan hanggang sa dagat.

Sa malawak na mga kapatagan sa may bulkan na bukirin sa Victoria, pinahahalagahan ng mga tao ang malawak na maaabot ng tanaw at malumanay na umaalon-alon na mga tanawin. Ang makabuluhan sa kapaligirang tanawin na ito ay sumusuporta sa maraming iba't ibang uri ng ibon at insekto na mahalaga sa pagpapanatili ng isang malusog na ekolohiya.

Ang Cheetham Wetlands, iba pang mga latian sa baybayin at ang libu-libong mga latian sa looban ay tahanan para sa maraming katutubo at nangingibang-pook na mga ibon – nagpapakain at nag-aanak – at mga lugar din para pasyalan ng mga tao at makiisa sa kalikasan.




Sa mga kagubatan, tulad ng Kagubatan ng Wombat at Mga Saklaw ng Macedon , nagtitipon ang mga bisita upang tamasahin ang iba-ibang karanasan na inaalok ng mapupuntahang mga likas na lugar na may maayos na mga pasilidad. Pakiramdam nila ay konektado sila sa kalikasan sa pamamagitan ng paglanghap sa amoy, mga tanawin at tunog ng pinayabong na kakahuyan: isang koro ng mga umaawit na ibon at bumubulong na mga insekto, katutubong wildlife na nangangalap ng makakain sa mga kagubatan ng eucalyptus, at malulusog na mga ilog na nagtataguyod ng buhay. Nagpapahiwatig ito ng balanseng mga ekosistema na tinaguyod sa pamamagitan ng paggalang sa Inang Lupa.

Iginagalang ng aming mga komunidad ang mga lugar na itinalaga bilang protektadong kapaligiran upang mapanatiling malinis ang tubig sa mga catchment at mga katutubong tirahan para sa ating mga hayop. Natuto kami mula sa mga karanasan, mga gawi sa kultura at pag-unawa sa mga pinahahalagahang kultura ng mga Tradisyonal na May-ari ng ating lupain; ang mga Taong Bunurong, Wadawurrung at Wurundjeri Woi wurrung.

Bilang baga ng kanluran, ang ating tinatamasang mga lugar ay nagdadala ng kalusugan at kagalingan sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng paggugol ng oras sa Inang Bayan na may kapangyarihang magpanumbalik ng kalusugan.



*Ilustrasyon ni Simon Kneebone*




*Ilustrasyon ni Simon Kneebone*



*Turitable Creek, Mt Macedon*

# PAGBUO SA WATERWAYS OF THE WEST PANANAW NG KOMUNIDAD


## Ang Community Assembly

Noong Mayo 2019, ipinadala ang mga imbitasyon upang irehistro ang isang pagpapahayag ng interes na buuin ang Waterways of the West Community Assembly sa 5,000 email address na nakakalat sa buong rehiyon ng Waterways of the West sa pamamagitan ng isang malaya at naka-random na proseso. Pagkatapos, inilagay ang mga tumugon na nagpahayag ng interes sa isang pool at hinati-hati pang lalo batay sa demograpikong data at iba pang pangunahing pagsala. Ang huling napiling grupo ng 45 miyembro ng Pagtitipon ng Komunidad ay malawak na sumasalamin sa demograpiko ng komunidad ng Waterways of the West. Itinatag ang mga programa ng katulad na pakikilahok sa komunidad ng rehiyon na magkakaiba ang kultura at wika (culturally and linguistically diverse, CALD) at mga estudyante ng Waterways of the West upang tanggapin ang kanilang mga input at ideya.

*Mga workshop ng Community Assembly*











*Ilustrasyon ni Simon Kneebone*



*Si Uncle Dave, Nakatatandang Wurundjeri Woi wurrung, nagsasagawa ng isang seremonya ng pagpapausok para sa Assembly*

Nagtulungan ang Assembly at sumagot sa tanong na: *ano ang dapat nating maging Pananaw para sa mga daang-tubig na ito hanggang 2070?* Sa loob ng dalawang araw, nakinig ang mga miyembro ng Assembly mula sa mga eksperto sa daang-tubig, mga kampeon sa komunidad at mga estudyante sa paaralan. Nakinig sila mula sa mga Tradisyonal na Nagmamay-ari na Wurundjeri Woi wurrung at Wadawurrung, nalalaman ang tungkol sa kanilang nagpapatuloy na koneksyon sa Inang Bayan at ang kahalagahang pangkultura ng rehiyon bilang isang natatangi at magkakaugnay na sistema ng pamumuhay. Sa pagtatapos ng dalawang araw, naramdaman ng Pagtitipon ang pangangailangang bumalik ng isa pang beses para tapusin ang kanilang Pananaw. Dinaluhan ang panghuling workshop na ito ng 21 miyembro ng Pagtitipon, na pinagsama-sama ang kanilang mga dating nalalaman, tinuklas ang mga resulta ng pakikilahok na Magkakaiba ang Kultura at Wika (Culturally and Linguistically Diverse, CALD), at gumugol ng mas maraming oras sa mga Tradisyonal na Nagmamay-ari na miyembro ng MAC upang maghatid ng mga pananaw na kumikilos at matapat para sa Waterways of the West.

Ipinakikita ng guhit na ito ang paglalakbay ng Pagtitipon ng Komunidad - kabilang ang mga pangunahing kaganapan at ilan sa mga sumusuportang proseso at gawain.



## Pananaw ng Paaralan

Isinagawa ang isang tinatarget na programa ng pakikilahok ng paaralan upang bigyan ng boses ang mga estudyante para sa Waterways of the West, na itinatanghal ng mga estudyante ang kanilang pananaw sa Community Assembly. Pinangasiwaan ang programang ito ng Werribee River Association sa mga paaralan sa parehong catchment ng Maribyrnong at Werribee.




*Ilustrasyon ni Simon Kneebone*

*Nag-aaral ang mga estudyante ng paaralan sa mga pampang ng Werribee River, mga pananaw ng mga estudyante para sa Werribee River, sa kagandahang-loob ng Werribee Riverkeeper*





**Gusto ng mga estudyante sa kanluran na ang mga daang-tubig ay maging mga lugar ng likas na kagandahan, na may maraming katutubong wildlife, nabubuhay sa mahusay na tirahan at malinis at malusog na mga daanan ng tubig.**

**Gusto ng mga estudyante na maglaro nang natural o gamitin ang mga malilim na daan upang dumaan sa mga espasyong pampubliko na may sapat na kagamitan, kung saan ligtas na nakikipag-ugnayan ang mga tao sa kalikasan at mga hayop, namamahinga at nasisiyahang kumakain sa labas o nakakanlong, at hindi kailangang mag-alala tungkol sa polusyon o basura.**

**Gusto ng mga estudyante na makitang nakikipagtulungan ang pamahalaan sa lahat ng antas upang pamahalaan ang pagpaplano ng bayan sa paraan na mababawasan ang pinsala sa mga daang-tubig, para sa mga tao at kalikasan, at turuan ang komunidad na masiyahan sa isang mas malusog na pamumuhay.**










# Pakikilahok na Magkakaiba ang Kultura at Wika (CALD)



Ang rehiyon ng Waterways of the West ay may mayaman at magkakaibang populasyon na maraming kultura. Importante ang nakatarget na pakikilahok ng mga miyembro ng komunidad na magkakaiba ang kultura at wika (CALD). Inimbitahan ang mga komunidad ng Vietnamese at umuusbong na dayuhan upang sumali sa mga focus group upang ipahayag kung paano at bakit sila nakikipag-ugnayan sa Waterways of the West at kanilang mga lupain, at kung paano maaaring magpatuloy ang mga ahensiya na isali ang mga komunidad na CALD sa pagpaplano sa hinaharap at pamamahala ng mga lugar na ito.









*Mga workshop ng komunidad na CALD*



*Little River, Balliang*



*Mga Miyembro ng Waterways of the West Community Assembly at Ministerial Advisory Committee*

## Talasalitaan

**Pangangalaga sa Inang Bayan:** Ang mga Tradisyonal na Nagmamay-ari ay may kaugnayan sa kanilang Inang Bayan na maaaring nakikita at maaari ding hindi nakikita. Ang kultural, ispiritwal at pisikal na kaugnayan ay sabay-sabay na bumabalot sa identidad, mga tradisyon, natatanging kaalaman, mga karapatan at tungkulin, pamilya, wika at kagalingan. Ang mga Tradisyonal na Nagmamay-ari ay may malalim na pangkulturang pananagutan na alagaan at pangalagaan ang Inang Bayan.

**Catchment:** Bahagi ng lupa kung saan ang mga agos mula sa ulan ay tumutungo sa isang sistema ng mga ilog.

**Inang Bayan:** Bukod sa iba pang mga bagay, kabilang sa Kulturang Aborihinal ang mga ugnayan sa mga lupa, mga katubigan, mga Ninunong nilalang, pamilya, mga halaman at hayop ng mga natukoy na lugar batay sa heograpiya. Sa mga Tradisyonal na Nagmamay-ari, ang Inang Bayan ay bahagi ng identidad at napaka-personal. Ang mga Tradisyonal na Nagmamay-ari ay may natatanging mga karapatan, tungkulin at pananagutan sa Inang Bayan.

**Ekosistema:** Dinamikong hugnayan ng mga komunidad ng halaman, hayop, fungi at mikroorganismo at ang kaugnay na kapaligirang hindi buhay (nonliving environment) na kumikilos bilang isang ekolohikal na yunit.

**Mga Tradisyonal na Nagmamay-ari:** Ang mga tao, dahilan sa pagiging miyembro ng isang saling-lahing grupo o angkan, ay may tungkuling pangalagaan ang partikular na Inang Bayan. Ang mga Tradisyonal na Nagmamay-ari ay binigyang-kapangyarihang magsalita para sa Inang Bayan, mga pagkukunan at mga kuwento nito. Mayroon silang natatanging mga karapatan, tungkulin at kaalaman.

**Mga Sanga ng Ilog:** Tubig-tabang na sapa na dumadaloy sa mas malaking sapa o ilog. Ang punto kung saan ang sanga ng ilog ay nagtatagpo sa pangunahing sanga ng ilog ay tinatawag na confluence. Ang mga sanga ng ilog ay hindi direktang dumadaloy sa karagatan.

**Mga Daang-tubig:** Mga ilog at sapa, kanilang kaugnay na estuwaryo at mga floodplain (kabilang ang mga latian sa floodplain) at mga latian na walang kaugnayan sa ilog.

**Waterways of the West:** Tumutukoy sa lahat ng mga daanan ng tubig at mga lupang nakapaligid sa kanila na sakop ng mga catchment ng Werribee (Wirribi Yaluk) at Maribyrnong (Mirrangbamurn) River at ng sub-catchment ng Moonee Ponds (Moonee Moonee) Creek – gaya ng inilalarawan sa Healthy Waterways Strategy ng Melbourne Water. Sumasakop ito sa pangunahing sanga ng daang-tubig, mga sanga ng ilog nito at mga latian sa loob ng mga catchment na ito.

**Mga latian:** Ang mga latian ay mga lugar, likas man, binago o artipisyal, na may taglay na hindi umaagos o napakabagal na dumadaloy na tubig at nagpapaunlad – o may potensyal na magpaunlad ng mga may buhay na bagay na akma sa pagbaha at matubig na kapaligiran. Ang mga latian ay maaaring tubig-tabang o maalat at maaaring permanenteng may taglay na tubig o may mga panahong tuyot.



*Werribee River*

## Tungkol sa illustrator

Si Simon Kneebone ay isang kartonista at illustrator na may mahigit sa 30 taong karanasan na nagtatrabaho sa isang malawak na hanay ng mga organisasyon, nakikita ang kanyang mga graphics sa maraming publikasyon, website at sa mga pader ng komperensya.

© The State of Victoria Department of Environment, Land, Water and Planning (Ang Kagawaran ng Kapaligiran, Lupa, Tubig at Pagpaplano ng Estado ng Victoria) 2021

Lisensiyado ang gawang ito sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 International licence. Malaya kang muling gamitin ang gawa sa ilalim ng lisensiyang iyon, sa kundisyon na kikilalanin mo ang Estado ng Victoria bilang may-akda. Hindi naaangkop ang lisensiya sa alinmang imahe, litrato o branding, kabilang ang Victorian Coat of Arms, ang logo ng Pamahalaan ng Victoria at ang logo ng Department of Environment, Land, Water and Planning (DELWP, Kagawaran ng Kalikasan, Lupa, Tubig at Pagpaplano). Upang tingnan ang kopya ng lisensiya nito, bisitahin ang http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/

**ISBN** 978-1-76105-604-8 **(Print)**
**ISBN** 978-1-76105-605-5 **(pdf)**

**Pagtatatuwa**

Maaaring makatulong sa iyo ang publikasyong ito ngunit hindi ginagarantiyahan ng Estado ng Victoria at mga empleyado nito na ang publikasyon ay walang anumang uri ng depekto o ganap na naaangkop para sa iyong partikular na layunin at kaya itinatatuwa ang lahat ng pananagutan para sa anumang pagkakamali, pagkawala o iba pang resulta na maaaring mangyari mula sa iyong pag-asa sa anumang impormasyon sa publikasyong ito.

## Pagiging Naa-access

Kung gusto mong matanggap ang publikasyong ito sa isang alternatibong format, mangyaring tumawag sa DELWP Customer Service Centre sa 136186, mag-email sa customer.service@delwp.vic.gov.au, o sa pamamagitan ng National Relay Service sa 133 677 www.relayservice.com.au. Makikita rin ang dokumentong ito sa internet sa www.delwp.vic.gov.au



delwp.vic.gov.au